## Kuwento 9 : Ang nawawalang Tupa

Talata sa Bibliya [Lucas 15:7]

**Sinasabi ko sa iyo, ito ay magiging gayon din sa langit. Magkakaroon ng malaking kagalakan kapag ang isang makasalanan ay tumalikod sa kasalanan. Oo, magkakaroon ng higit na kagalakan kaysa sa 99 na makadiyos na mga tao na hindi kailangang talikuran ang kanilang mga kasalanan.**

Maraming taong gusto ang mga kwento ni Hesus, kung kayat sinusundan nila siya saan man siya magpunta.

Pero marami ding hindi gusto na makita si Hesus na kasama ang mga makasalanan. kung kaya't sinabi ni Hesus sa mga tao ang storyang ito! Noong matagal na panahon mayroong pastol na mayroong isang daang tupa.

Ang pastol na ito ay lubos na minamahal at inaalagaan ang kaniyang mga tupa. Kapag oras na ng pagbabalik sa tahanan mula sa bukid, binibilang ng pastol ang kaniyang tupa, Kahit na ilang beses niya itong bilangin, ang bilang ng mga tupa ng pastol ay nananatiling siyam na pu't siyam. Ang pastol ay lubhang nag aalala tungkol sa nawawala niyang tupa. Siya ay lubhang nag aalala kaya't hinanap niya ito kung saan-saan.

Sa paglalim ng gabi. Ang pastol ay galit na galit na hinanap ang nawawala niyang tupa, pero hindi siya sumuko at patuloy na hinanap ang kaniyang tupa. At! Nakarinig siya ng tunog. Ang pastol ay tumakbong papunta sa lugar kung saan nanggaling ang tunog!

Ang nawawalang tupa ay nakasabit sa dulo ng talampas. Ang kawawang tupa ay basa at nanginginig sa takot.

Iniligtas ng pastol ang tupa. Masaya niyang inilagay ang tupa sa kaniyang balikat at siya'y bumalik sa bahay.

Nang makauwi na ang pastol sa bahay, masaya niyang tinawag ang kaniyang asawa at ang kaniyang mga anak.

" Nakita ko na ang nawalang tupa! Nakita ko na!!! magtipon tipon tayong lahat para sa pasasaya! Hahahaha."

Nagsalita si Hesus sa mga tao. Kung nawala ang inyong tupat at muli itong matagpuan, hindi ka ba matutuwa? Katulad nito mayroong mas maraming kagalakan sa langit sa isang makasalanang nagsisi kaysa sa siyam na pu't siyam na mga taong tapat na hindi na ngangailangang magsisi. Hindi nais ng Diyos na mawala ang kahit na sino."

Sinabi ni Hesus ang iba pang storya tungkol sa pastol at sa kaniyang tupa.

" Ang mabuting pastol ay kilala ang kaniyang tupa at ang tupa ay kilala ang boses ng kaniyang pastol at sinusunod niya siya. Pero kapag ang tupa ay pumaparoon sa harapan ng kaaway, ang mabuting pastol ay hindi kailanman umaalis at nikikipaglaban siya sa mga hayop na nagtatangkang Manakit sa kaniyang tupa. Ang mabuting pastol ay palaging pinoprotektahan ang kaniyang tupa. Sinabi ni Hesus sa mga tao na ibibigay niya ang sarili niyang buhay para protektahan at panatilihing ligtas ang kaniyang mga tupa.






**Gawain 1.** Isipin ang natutunan natin ngayon at kulayan ang larawan sa ibaba.



**Gawain 2.** Magdikit ng bulak upang makumpleto ang nawawalang tupa.



- Sundan at isaulo ang talata sa Bibliya. (Lucas 15:7)

Magkakaroon ng malaking kagalakan kapag ang isang makasalanan ay tumalikod sa kasalanan.